# CONVEYOR

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION

Tomo 4 Isyu 2 Abril - Hunyo 2024

## Tatusan 2024: Kulturang Caluyanhon, ngayon at sa mga susunod pang panahon

Pahina 7




### SMPC at DOLE, nagkaisa laban sa child labor

Pahina 4

### Pagkakabit ng artipisyal na bahura, pinangunahan ng SMPC

Pahina 5

### Solar-powered water pump, itinayo sa Sitio Bunlao, Alegria

Pahina 6

## MENSAHE



**Ruben P. Lozada**
Vice President for Mining Operations and Resident Manager

Nais kong ipahayag ang aking taos-pusong pasasalamat sa patuloy na suporta at kooperasyon ng bawat isa. Dahil sa inyong pakikipagtulungan, matagumpay nating naipatutupad ang mga proyekto ng kumpanya sa host community nito.

Kaya naman asahan ninyong patuloy kaming magbabahagi ng iba't ibang inisyatibong makatutugon sa pangangailangan ng komunidad sa araw-araw. Mula sa pagkakaroon ng programa para sa sustainable livelihood, paghahatid ng tulong medikal, pagbibigay ng serbisyong pangkomunidad, hanggang sa mga programang pampalakasan at edukasyon. Mananatiling kaisa ang SMPC sa adhikain na patuloy na mapaunlad ang kabuhayan sa isla.

Sa pagdaan natin sa ikalawang kwarter ng taon, malugod ko kayong hinihikayat na palaguin pa ang damdamin ng pagkakaisa at kooperasyon. Pagtutulungan at pagkakaisa, para sa Semirara!



**Creslito D. Bangalao**
Administrative Division Manager

Pagbati sa lahat ng ating mga kababayan dito sa Semirara!

Sa pagtahak natin sa panibagong kwarter ng taon, nagpatuloy ang SMPC na magpatupad ng mga programa na nagsusulong ng matatag na kabuhayan, maayos na serbisyong medikal, malinis na kapaligiran, at pamayanang nagpapahalaga sa edukasyon.

Ilan sa mga naisakatuparan na programa ay ang Medical Mission na naisagawa noong Hunyo, kung saan mahigit sa 200 ang nabigyan ng tulong medikal; ang isinagawang Reef Balls installation na may pangunahing layuning pagyamanin pa ang biodiversity sa katubigan ng Semirara Island; at ang pakikiisa natin sa taunang selebrasyon ng Tatusan sa Caluya.

Asahan ninyong patuloy ang SMPC na makikiisa at magiging kaagapay ng komunidad tungo sa positibong pagbabago. Maraming salamat!


# CONVEYOR

**Editorial Adviser:** Engr. Ruben P. Lozada
**Editor in Chief:** Creslito D. Bangalao
**Managing Editor:** Januar R. Ong
**Associate Editor:** Ellaine R. Macayan
**Editorial Assistant:** Myrla D. Ong Gue, Matt Jerome Casequin
**Layout & Design:** Jan Carlo P. De La Peña

**Section Editors:**
Justine P. Balbin
Ben S. Lawangon
Catherine G. Lim
Romeo B. Malixi
Annaliza F. Patingan
Almar G. Valdemar
Joie E. Ebon

**Writing and Photo Contributors:**
Eugene S. Colacion
Allanibeth G. Vargas

SEMIRARA MINING & POWER CORPORATION · Republic of the Philippines Department of Energy · Barangay Tinogboc · Barangay Alegria · Barangay Semirara




## MGA NILALAMAN


**02** Mga Mensahe

**03** 260 residente ng relocation site, tumanggap ng serbisyong medikal mula sa SMPC
Kamalayan sa psychological first-aid at maternal health, idinaos

**04** SMPC at DOLE, nagkaisa laban sa child labor
2 silid-aralan, naitayo sa Hininga-an IS

**05** Financial literacy, patuloy na isinusulong ng SMPC
SMPC, ipinagdiwang ang 2024 Environment Month
Pagkakabit ng artipisyal na bahura, pinangunahan ng SMPC

**06** SMPC, naglunsad ng barteran sa pamayanan
Solar-powered water pump, itinayo sa Sitio Bunlao, Alegria
Kasanayan sa kompyuter, itinuro sa BCLP

**07** Tatusan 2024: Kulturang Caluyahnon, ngayon at sa mga susunod pang panahon
Paggawa ng buko pie, itinuro sa livelihood training

**08** Sustainability Puzzle


KALIGTASAN AT KALUSUGAN

## 260 residente ng relocation site, tumanggap ng serbisyong medikal mula sa SMPC

Umabot sa 260 na residente ng Sitio Poocan ang nakinabang sa isinagawang second quarter medical mission ng SMPC sa Sabang II Elementary School ng Sitio Poocan, Brgy. Tinogboc, Caluya, Antique noong Hunyo 4, 2024.

Kabilang sa mga ipinagkaloob ang mga serbisyo ng Pediatrician, Ob-Gyn, Internal Medicine, at Hepatitis B blood testing. Namigay rin ng mga babasahin tungkol sa deworming, high-risk pregnancy, hypertension, at rabies upang mapataas ang kamalayan sa kalusugan ng komunidad. Nagkaloob din ng libreng konsultasyon, mga gamot, karagdagang laboratory test, at follow-up check-up sa infirmary ng SMPC.

Nagpahayag ng pasasalamat si Pastor Ramil Ibabao ng Foursquare Church, na kabilang sa mga nakatanggap ng tulong at residente ng relocation site, "Napakalaking tulong ang kanilang ginagawa at nagpapasalamat din ako sa ating mga doktor na sila ay nagbigay ng kanilang panahon upang kami na mga mahihirap ay kanilang mapuntahan".






## Kamalayan sa psychological first-aid at maternal health, idinaos

Ginanap ang isang mahalagang seminar workshop na nakatuon sa Psychological First-Aid at Maternal Health Awareness sa Molave Phase 5 Multipurpose Gym, Sitio Bunlao, Barangay Alegria noong Mayo 24, 2024.

Layunin ng programang ito na bigyang-kaalaman ang mga residente tungkol sa mga problemang sikolohikal at maternal health para sa mga magulang at magiging



magulang. Nabigyan din ng mahahalagang impormasyon ang mga lokal na opisyal at miyembro ng komunidad upang matulungan sila sa pagharap sa psychological issues at maternal health sa kanilang nasasakupan.

Ang seminar ay dinaluhan ng iba't ibang sektor, kabilang ang BLGU officers at personnel ng Alegria, barangay health workers ng Barangay Alegria, mga miyembro ng Sangguniang Kabataan (SK) ng Alegria, mga opisyal ng Women's Organization, at ASCOPFAI (Alegria Seaweeds, Coconut Planters and Farmers Association, Inc.) officers.








## SMPC at DOLE, nagkaisa laban sa child labor

Namahagi ang SMPC ng 150 sets ng bag para sa mga bata ng Brgy. Sumaray at Brgy. San Remegio, Antique noong Hulyo 12, 2024 bilang suporta sa Project Angel Tree Program ng Department of Labor and Employment (DOLE).

Ito ay bahagi ng paggunita sa "World Day Against Child Labor" na naglalayong magtaas ng kamalayan at tugunan ang kalagayan ng milyun-milyong batang pinipilit magtrabaho.

Dinaluhan ni Almar Valdemar, human resource department head ang aktibidad, kung saan binigyang-diin niya ang dedikasyon ng korporasyon sa pagpapabuti ng buhay ng mga batang Pilipino.

Ang Project Angel Tree ay isang inisyatibo sa ilalim ng Child Labor Prevention and Elimination Program (CLPEP) ng DOLE na naglalayong magbigay ng tulong sa mga batang manggagawa sa pamamagitan ng pagkain, hygiene kits, gamit pang-eskwela, at iba pang mahahalagang serbisyong panlipunan.

## 2 silid-aralan, naitayo sa Hininga-an IS

Naipatayo at matagumpay na nai-turn over ang dalawang bagong classrooms sa Hininga-an Integrated School, Brgy. Hininga-an, Caluya, Antique noong Abril 19, 2024. Mahigit sa 600 na estudyante ang makikinabang sa mga bagong gawang silid-aralan.

Ang turnover ceremony ay dinaluhan nina Migi Laperal, Sustainability Officer ng SMPC; Creslito Bangalao, Admin Division Manager; at Ralph Arellano, IEC Officer. Kasama rin sa mga dumalo si Hon. Rigil Kent G. Lim, ang mayor ng Caluya, mga barangay official ng Hininga-an, at mga guro sa Hininga-an IS.


Ang proyektong ito ng SMPC ay naglalayong suportahan ang kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng modernong pasilidad para sa mas epektibong pagkatuto ng mga estudyante.







## Financial literacy, patuloy na isinusulong ng SMPC




Matagumpay na idinaos ng SMPC ang "Healthy SMPC Financial Wellness Workshop," noong Abril 24-25, 2024 na nilahukan ng halos 350 miyembro ng komunidad. Ang workshop ay naglalayong magbahagi ng tamang financial management at palawakin ang kaalaman ng komunidad sa financial literacy.

Si Efren Ll. Cruz, isang kilalang financial coach at newspaper columnist, ang nagsilbing pangunahing tagapagsalita sa programa. Binigyan-diin niya ang kahalagahan ng kaalaman sa buhay-pinansyal. Nagbahagi rin siya ng mga praktikal na estratehiya para sa epektibong pamamahala ng kita, na mahalaga para sa komunidad at kani-kanilang pamilya.

Ang programang ito ay bahagi ng layunin ng SMPC na magtaguyod ng isang mas financially literate na pamayanan sa host community nito.

## SMPC, ipinagdiwang ang 2024 Environment Month

Bilang patuloy na pagbabahagi ng kaalaman sa pangangalaga ng ating kapaligiran, nakiisa ang SMPC sa pagdiriwang ng Philippine National Environment Month noong Hunyo 2024 na may temang "Our land. Our future. We are #GenerationRestoration".

Panimulang aktibidad ng selebrasyon ay ang Environment Photowalk Contest na sinalihan ng iba't ibang departamento at mga lokal na residente mula sa company housing facilities. Ang mga kalahok ay kumuha ng masisining na litrato sa Panian viewing deck, Semirara Biodiversity Conservation Center, Semirara Marine Hatchery and Laboratory sa Tabunan, at sa bagong attraction ng SMPC na South Panian EcoPark.

Iba't ibang entries din ang ipinadala ng mga aspiring digital artists ng kompanya sa environment shirt design competition. Ang napiling tshirt design ay gagamitin sa mga susunod na environmental activities.





Ginunita rin ng SMPC ang National Arbor Day bilang bahagi ng environment month, kung saan nagtanim ng 80 native trees ang 134 employee volunteers sa South Panian Ecopark. Sa parehong okasyon, nakipagdiwang rin ang Multi-partite Monitoring Team at regulatory bodies sa pamamagitan ng pagtatanim ng grafted mango trees bilang panimula sa pag-introduce ng mga native species para sa rehabilitasyon ng Panian area.





## Pagkakabit ng artipisyal na bahura, pinangunahan ng SMPC

Sa pagdiriwang ng World Reef Awareness Day, nag-deploy ng 30 artipisyal na bahura o reef balls ang SMPC sa karagatan ng Sitio Tabunan, Brgy. Semirara noong Hunyo 3 at 4, 2024. Pinangunahan ni Rufino Limbo, environmental specialist ng SMPC, ang paglagay ng mga reef balls kasama ang iba pang mga empleyado ng kumpanya.

Ang reef balls ay gawa sa kongkreto na dinisenyo upang gayahin ang mga likas na bahura. Layunin nito na mas mapayabong ang marine biodiversity at palakasin ang kakayahan ng mga baybayin laban sa malalakas na alon.

Ang hakbang na ito ay bahagi ng mas malawak na programa ng SMPC para sa pagpapanumbalik at patuloy na pagaalaga ng mga bahura na nagsimula pa noong taong 2022.





The Conveyor NEW DESIGN - Q2 2024 - Volume 4, Issue 2 - Reduced Pages.indd 4-5 11/18/2024 9:55:36 AM




## SMPC, naglunsad ng barteran sa pamayanan

Dagsa ang mga nakolektang lumang damit sa inilunsad na "Barteran: Grave to Cradle" ng SMPC noong Mayo 21, 2024 sa Phase 4 Multipurpose Gym, Brgy. Semirara, Caluya, Antique, bilang bahagi ng sustainability programs ng kumpanya.

Layon ng barteran ang mangolekta ng mga lumang damit at iba't ibang uri ng garments kapalit ng gift certificates na maaaring gamitin pambili ng mga grocery items sa SMPC commissary. Ang proyektong ito ay sumusuporta sa sustainable livelihood at circularity sa pamamagitan ng pag-upcycle ng mga residual waste.

Ang nakolektang garments ay ibibigay sa mga partner organization ng SMPC na benepisyaryo ng Dressmaking and Tailoring Project. Gagamitin ito bilang karagdagang materyales para sa paggawa ng basahan na maaring ibebenta para sa karagdagang kita ng mga samahan.

Noong Hulyo 16, 2024, umabot na sa 591 kilo ng damit mula sa 76 residente ang nakolekta. Patuloy ang pagtanggap ng lumang garments sa SMPC Housing Areas at tatlong barangay sa Semirara ayon sa mga iskedyul ng koleksyon.

## Solar-powered water pump, itinayo sa Sito Bunlao, Alegria

Naipatayo ng SMPC ang isang solar-powered Water Pump noong Abril sa Sitio Bunlao, Barangay Alegria, Caluya, Antique. Layunin ng proyektong ito ang libre at sapat na tubig bilang suporta sa mga residente ng komunidad hindi lamang sa panahon ng tagtuyot.

Nagsimulang paganahin ang solar-powered system noong Abril 10 at ito ay nakakapaghatid ng serbisyo sa mahigit 300 kabahayan. Ang solar-powered system ay binubuo ng 40 piraso solar panels na may 18 kilowatts at 25 cubic meters per hour na pumping capacity.

Bilang bahagi ng proyekto, nagsagawa ng orientation noong Mayo 10 upang turuan ang mga residente kung paano pangalagaan at gamitin nang tama ang mga kagamitan, upang maiwasan ang mabilis na pagkasira ng control room. Maglalagay din ng malalaking tangke ng tubig bilang imbakan sa oras na mababa ang konsumo upang tuloy-tuloy ang suplay ng tubig sa mga kabahayan.







## Kasanayan sa kompyuter, itinuro sa BCLP

Matagumpay na naisagawa ang Barangay Computer Literacy Program (BCLP) noong Mayo 4 at 11, 2024, kung saan natutuhan ng mga residente ng Barangay Alegria ang mahahalagang kasanayan sa paggamit ng kompyuter.

Ang inisyatibong ito ay pinangunahan ng paaralan ng SMPC, ang Divine Word School of Semirara Island Incorporated (DWSSII). Ilan sa naituro ay ang advanced computer skills at database management na makatutulong na palakasin ang employability o tsansang makakuha ng trabaho ng mga lokal na manggagawa sa pamamagitan ng pagpapataas ng kanilang kaalamang digital.





## Tatusan 2024: Kulturang Caluyanhon, ngayon at sa mga susunod pang panahon







Magarbo at masiglang Tatusan Festival 2024 ang ginanap noong Abril 15-19, 2024 sa bayan ng Caluya sa Antique na may temang, "Angat Caluya: Kulturang Caluyanhon Pasanyugon, Amligan kag Ipabugal, Dadi kag sa Paraabuton" (Angat Caluya: Kulturang Caluyanhon pagyamanin, ingatan at ipagmalaki, ngayon at sa mga susunod pang henerasyon).

Nakiisa ang SMPC sa pagdiriwang na ito kung saan itinampok sa exhibit booth ang mga proyektong pangkaligtasan, kalusugan, at pangangalaga sa kapaligiran ng kumpanya. Ipinagmalaki rin doon ang patuloy na pakikiisa at pakikipagtulungan ng SMPC sa iba't ibang stakeholders nito sa pamamagitan ng mga produkto mula sa mga benepisyaryo sa host community nito.

KABUHAYAN





## Paggawa ng buko pie, itinuro sa livelihood training

Malinamnam na kasanayan ang itinuro sa Livelihood Training, kung saan itinuro ang paggawa ng buko pie noong Abril 27, 2024 sa Phase 5 Multi-Purpose Gym, Sitio Bunlao, Barangay Alegria, Caluya, Antique.

Nasa 20 ang nakilahok at naturuan ng paggawa ng produkto mula sa buko na sagana sa isla ng Semirara. Layunin ng seminar na magbigay ng karagdagang kita sa community association at mga benepisyaryo nito.

Ang aktibidad ay dinaluhan ng ilang tauhan mula sa SMPC, kasama ang mga guro mula sa DWSSII TLE, COOGAR Club officers, mga opisyal ng BLGU-Alegria, mga barangay health worker ng Alegria, mga opisyal ng Women's Organization, at mga miyembro ng ASCOPFAI.





The Conveyor NEW DESIGN - Q2 2024 - Volume 4, Issue 2 - Reduced Pages.indd 6-7 11/18/2024 9:55:44 AM

# SUSTAINABILITY PUZZLE

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| E | Q | I | Q | G | V | Z | K | Y | K | T | W | E | J | C | U | Y | Z | S | R | Z | Z | E | Q | P |
| C | I | S | G | G | J | U | H | Q | R | E | L | E | C | T | R | I | F | I | C | A | T | I | O | N |
| O | U | L | Q | J | V | Q | J | Y | C | N | C | D | H | O | E | C | H | M | K | X | C | Y | K | X |
| N | H | A | C | U | W | Y | R | B | J | L | V | T | T | K | N | T | O | B | R | O | J | U | L | U |
| O | P | N | P | Y | Z | E | E | O | C | Z | J | H | A | M | B | S | Q | M | Y | J | T | Q | V | I |
| M | E | D | A | M | H | Q | S | S | O | J | I | L | O | M | U | W | E | P | M | L | G | U | Y | Z |
| I | D | F | Q | C | P | D | I | K | M | U | Y | E | J | I | I | T | T | R | W | U | P | G | S | R |
| C | O | I | T | H | V | K | L | U | S | A | O | W | Y | Y | E | N | A | C | V | N | N | G | T | H |
| E | I | A | R | C | X | J | I | E | L | Y | V | X | N | O | O | Z | E | L | R | A | U | I | C | V |
| M | H | D | I | W | Z | X | E | G | L | Z | S | Q | M | S | F | W | C | S | F | T | T | U | T | K |
| P | X | L | L | G | I | A | N | T | C | L | A | M | S | H | W | H | P | N | I | B | Y | I | K | Y |
| O | E | L | I | Y | P | A | C | H | R | B | F | E | D | A | J | E | E | O | P | T | J | E | O | D |
| W | M | N | P | F | S | Y | E | G | M | J | E | R | Y | B | R | K | L | C | B | I | E | N | J | N |
| E | E | M | P | L | O | Y | M | E | N | T | T | X | K | I | C | P | W | L | T | Q | N | W | V | P |
| R | R | H | Q | H | M | X | L | A | L | B | Y | P | Q | T | I | F | O | F | N | A | L | U | D | O |
| M | G | W | J | D | L | R | E | F | O | R | E | S | T | A | T | I | O | N | R | E | R | G | E | W |
| E | E | N | F | J | F | R | E | H | A | B | I | L | I | T | A | T | I | O | N | I | S | E | G | E |
| N | N | J | P | X | A | Q | G | V | K | V | I | N | T | E | G | R | A | T | I | O | N | S | S | R |
| T | C | C | F | G | V | Q | V | Q | Y | P | I | G | J | S | H | E | Z | P | O | N | L | X | U | B |
| D | Y | G | Z | N | M | E | M | T | A | T | C | A | R | J | A | X | N | Y | S | A | O | Y | M | E |
| O | E | Z | Y | T | P | P | L | U | D | A | A | D | R | I | H | G | T | F | G | R | N | O | S | Z |
| Q | P | Z | A | J | P | A | B | R | O | W | B | D | X | Y | Z | D | M | Y | T | R | W | X | F | V |
| E | B | Y | L | N | Y | Z | R | V | R | I | I | B | E | N | E | F | E | C | I | A | R | Y | J | Q |
| I | U | M | L | O | L | L | P | M | E | D | I | C | A | L | M | I | S | S | I | O | N | H | O | Y |
| D | B | H | R | D | Q | F | L | F | X | F | T | H | T | D | Z | L | D | Y | X | G | T | W | A | W |

COMMUNITY
ISLAND
SAFETY
HABITAT
ROYALTY
RESILIENCE
REFORESTATION
BENEFECIARY
REHABILITATION

GIANTCLAMS
EMERGENCY
MEDICALMISSION
EMPLOYMENT
ECONOMIC EMPOWERMENT
HECTARES
POWER
ELECTRIFICATION
INTEGRATION

MINESITE
WELLNESS
AVIARY
CONSERVATION
HATCHERY
SANGLAYLAKE
NARRA

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Community Response Line: 0962 641 7429
Email: communityrelations@semirarampcsite.com
www.semiraramining.com
facebook.com/SMPCEmpoweringOthers
linkedin.com/company/semirarampc
youtube.com/semirarampc

SEMIRARA MINING & POWER CORPORATION